# Modyul Blg. 6
# Pagsusuri sa Akda Batay sa Teoryang Naturalismo at Sosyolohikal



## Tungkol Saan ang Modyul na Ito ?

Kilala mo ba si Dr. Jose Rizal ? Siyempre! Iyan ang kaagad mong isasagot pero gaano mo ba siya kakilala? Alam mong siya ang pambansang bayani pero may alam ka pa bang iba sa buhay niya? Abot na ba ng iyong pang-unawa ang mga ideolohiyang ipinaglaban niya at kung paano ito nagkabisa sa bansa? Ito ay ilan lamang sa mga malalaman mo sa ikalawang nobelang isinulat niya, ang El Filibusterismo.

Oops! Huwag kang mag-alala. Baha-bahagi mo itong mapag-aaralan at bilang panimula, kikilalanin mo muna ang mga mahahalagang tauhan ng nobelang ito na tiyak na mababasa mo sa Kabanata I.- Sa Kubyerta, Kabanata II- Sa Ilalim ng Kubyerta at sa Kabanata III- Ang Mga Alamat na maiibigan mo sapagkat nakapaloob dito ang ilang kaisipan ni Dr. Jose Rizal na magpapabatid sa atin ng kahalagahan ng Kristyanismo, na ang mga Pilipino ay hindi naniniwala sa espiritu. Mababasa mo rin dito ang mga kabiguan , kalungkutan at paghihirap ng ilang mahahalagang tauhan na nasa Kabanata IV – Kabesang Tales, Kabanata V- Ang Kapighatian ng Isang Intsik, ang Kabanata VI- Si Basilio at Kabanata VII – Si Simoun. Sila ay ilan lamang sa mga tauhang sumasagisag sa buhay at pamumuhay ng mga Pilipino noon na totoong nasaksihan ni Dr. J. Rizal sa kanyang kapanahunan, lalo na kung mababanggit pa ang Kabanata VIII- Maligayang Pasko , Kabanata IX – Ang mga Pilato at Kabanat X- Kayamanan at Karalitaan. Ang mga kabanatang ito ay tiyak na maiibigan mo sapagkat mamumulat ka sa tunay na kalagayan ng mga Pilipino noong Panahon ng Kastila.


Bukod pa riyan, lalo pang magkakaroon ng lalim ang pagkaunawa mo sa iyong pagsusuring panglingwistika, pangnilalaman at pampanitikan. Kasabay nito, ang pag-uugnay ng mga kaisipang natutunan mo sa kasalukuyang kalagayan na makakaapekto sa iyong pag-unlad.

Huwag kang mangamba. Ang mga susunod na gawain ay sadyang inihanda para sa iyo. Kaya mo ito kaya magsimula ka.



## Ano ang Matututunan Mo?

Nailalapat at napahahalagahan ang mga kasanayan at kaalamang pampanitikan sa pagsasagawa ng isang masining na pagsusuri.



# *Paano Mo Gagamitin Ang Modyul na Ito?*

Tiyak na matutulungan ka ng modyul na ito lalo na sa ganap na pagkaunawa mo sa El Filibusterismo . Sundin mo lang ang mga panuto para sa madali mong pagkatuto.

1. Sagutin mo nang maayos ang panimulang pagsusulit sa bahagjng "Ano ba ang Alam Mo?" Masusukat nito ang kaalaman mo tungkol sa aralin.

2. Maaari mong iwasto ang iyong sagot sa tulong ng susi sa pagwawasto na nasa iyong guro. Kung marami man ang iyong mali, huwag kang mabahala. Tutulungan ka ng mga gawaing inihanda para sa iyo.

3. Basahin at unawain mong mabuti ang mga kabanata .

4. Isagawa mo ang mga kaugnay na gawain.

5. Sundin mo ang mga panuto.

6. Sagutin mo ang pangwakas na gawain o ang bahaging "Gaano ka na Kahusay".

7. Sapagkat mahalaga ang modyul na ito, huwag mo itong sulatan. Gumamit ka ng ibang papel sa pagsagot..

8. Iwasto mo ang iyong sagot sa tulong ng susi sa pagwawasto na nasa iyong guro. Maging matapat ka sana.



# *Ano Ba ang Alam mo?*

Panuto: Basahing mabuti at unawain ang sinasaad sa bawat pangungusap.
Piliin at isulat ang titik ng tamang sagot.

1. Patuloy ang Bapor Tabo sa pagsalunga sa mauli-uling agos ng Ilog Pasig. Ang salitang may salungguhit ay nangangahulugang _______________.

   a. pagsalubong  c. paglihis
   b. pag-iwas  d. pagharap

2. Sa pahayag na " kapag nagmungkahi ka, sagabal agad ang makikita sa halip na kabutihan ". Ang salitang sagabal ay nangangahulugang _________________.

   a. sama  c. problema
   b. tunggali  d. hadlang

3. Mangyari, wala ni isa mang maayos na lawa sa lupaing ito. Ang pahayag ay ________________.
   a. nang-uuyam c. nagyayabang
   b. nagmamalaki d. nang-iinis
4. Ang sinasabing tagapayo ng Kapitan Heneral ay si ________________.
   a. Kapitan Basilio c. Padre Salvi
   b. Simoun d. Don Custodio
5. Si Basilio ay estudyante ng ______________.
   a. inhinyerya c. medisina
   b. abogasiya d. batsilyer

6. Ang alamat na alam na alam ni Padre Florentino ay _____________.
   a. San Nicholas c. Malapad na Bato
   b. Donya Geronima d. Ilog Pasig

7. Biglang sinabi ni Isagani na di sila bumibili ng alahas sapagkat di nila kailangan. Siya ay __________.
   a. nababahala c. nagagalit
   b. naiinis d. nagtataka

8. Sinabi ni Simoun na hindi pa siya nakatutuntong sa lupang iyon 'pagkat may nagsabi sa kanya na iyo'y mahirap kaya hindi bumibili ng hiyas. Si Simoun ay ___________________.
   a. nagsasabi ng totoo c. nagkikimkim ng sama ng loob
   b. nagpapairal ng galit d. nagbabalak na pumaroon

9. Upang maiwasan ang alitan, dapat na ___________________.
   a. pigilan ang sarili c. huwag makipag-usap
   b. umiba ng tirahan d. limutin ang nangyari
   c.
10. Patuloy siyang pinariringgan ng kanyang nakaalitan. Ano ang dapat mong gawin?
    a. Isumbong sa kanauukulan
    b. Lumayo na lamang
    c. Kausapin at makipagliwanagan
    d. Harapin at makipagtuos

Nahirapan ka ba sa pagsagot? Iwasto mo na ang iyong mga sagot sa susi sa pagwawasto na nasa iyong guro. Kung mababa man ang iyong iskor, wala kang dapat na ikabahala. Tutulungan ka ng modyul na ito.

# V. Aralin I: Ang Paglalakbay

## A. Anu-ano ang Mga Tiyak na Matututunan Mo?

Matapos mong mapag-aralan ang modyul na ito, na binubuo ng Kabanata I hanggang Kabanata III, inaasahang matatamo mo ang mga sumusunod na mga kasanayan:

1. Nabibigyang-kahulugan ang mga salitang nagpapakilala sa katangian o kahinaan ng mga tauhan sa akda
2. Naipakikilala ang mga tauhan batay sa kilos, gawi, pananalita at paniniwala
3. Nasusuri ang bisa ng pagkakagamit ng mga simbolo
4. Nabubuo ang mga saknong na kinapapalooban ng kaisipang nangingibabaw sa akda
5. Nailalahad ang kahalagahan ng pagsisikap


## B. Mga Gawain sa Pagkatuto

### 1. Alamin mo…

Panuto:


Itapat mo sa larawan ang angkop o kaugnay na salitang tumutugon sa ipinahihiwatig nito. Piliin mo sa ibaba ang sagot. Pagkatapos, ibigay mo ang kasingkahulugan nito.

1. Salita Kahulugan




_________________ _________________

2.




_________ _________________

3.




________________ ________________

4.



________________ ________________

*5.*



nakalimbutol napuputungan

Pauli-pauli nangangalirang

Nahuhutok

Kung tapos ka na, kunin mo sa iyong guro ang susi sa pagwawasto. Iwasto mo ang sarili mong gawa.

Tingnan mo, madali lang.

## 2. Basahin mo…

Tingnan mo naman sa buod ng mga kabanata ng El Filibusterismo kung angkop ang mga kahulugang ibinigay mo kanina.

Teka, tiyakin mong iintindihin mo ang babasahin mong buod. Makatutulong ito upang lumawak ang iyong kaalaman at maunawaan mo ang mga kaisipang nais palutangin ni Dr. Jose Rizal.

Handa ka na ba? Sige, simulan mo na.

## Ang Paglalakbay

Isang umaga ng Disyembre, habang ang Bapor Tabo ay naglalakbay sa Ilog Pasig ay hirap na hirap sa pagsalunga sa mauli-uling agos nito. Ang bapor Tabo na may anyong mabigat at may karumihan ay ibig magpanggap na siya ay maputi, maharlika at pormal sa pagpupumilit niyang lumakad nang mabanayad. Itinuturing itong Daong ng Pamahalaan.

Sa ibabaw ng kubyerta ay makikita sina Donya Victorina, Don Custodio, Padre Salvi, Padre Sibyla, Padre Camorra, ang nangangalirang na si Padre Irene, Ben-Zayb, ang mag-aalahas na si Simoun at ang ibang makapangyarihan, mga mayayaman at kinikilala sa lipunan. Sa kanilang paglalakbay, pinag-uusapan nila ang tungkol sa pagtutuwid ng Ilog Pasig, habang sila ay dumaraan sa mga nahuhutok na kawayanan na nasa ibayong pampang. Sa bagay na ito, iminungkahi ni Simoun na nararapat lamang daw na magbukas ng isang tuwid na kanal mula sa pagpasok ng ilog hanggang sa papalabas na daanan sa Maynila, at upang makatipid ang pamahalaan, pagawin nang sapilitan ang mga bilanggo at kung kulang pa, pati mga bata, matatanda, lalaki at babae ay patrabahuhin din. Tinutulan ito ni Don Custodio sapagkat ayon sa kanya, ito ay maaaring pagmulan ng paghihimagsik. Mag-alaga na lamang daw ng itik na siyang tinutulan naman ni Donya Victorina.

Sa ilalim ng kubyerta ay naroon naman sina Isagani, Basilio, Kapitan Basilio na kasama ang mga maleta, bagahe, mga alagang manok at iba pa pang mga kalakal. Pinag-uusapan naman dito ang tungkol sa binabalak nilang pagtatayo ng Akademya ng Wikang Kastila na ang magtuturo'y

kalahating Pilipino at kalahating Kastila at ang bahay na gagamitin ay kay Makaraeg, hanggang sa madako ang usapan kay Paulita Gomez at Donya Victorina, hanggang sa dumating si Simoun na nagsabing hindi pa niya nararating ang bayan nina Basilio sapagkat ang lalawigang ito ay mahirap at di makabibili ng alahas. Waring dinamdam ito ni Isagani kaya nagwikang hindi nila kailangan ang hiyas.

Habang nag-uusap, inanyayahan ni Simoun na uminom ng serbesa ang dalawang estudyante ngunit tumanggi ang dalawa. Nawika tuloy ni Simoun ang sinabi ni Padre Camorra na kaya tamad ang mga Pilipino ay dahil palainom ito ng tubig at hindi serbesa. Kaagad itong sinagot ni Basilio na kung siya ay iinom ng tubig, sa halip na serbesa, sila ay magtatagumpay at walang maririnig na alingasngas at dinagdag pa ni Isagani na ang tubig ay matabang at naiinom, ngunit nakapapawi ng alak at serbesa at pumapatay ng apoy, kapag pinainit ay nagiging singaw, kapag pinagalit ay nagiging dagat na malawak at minsang nagwasak ng sangkatauhan at nagpayanig sa buong daigdig.

Lihim na humanga si Simoun at natigil ang usapan nang dumating ang isang utusan upang tawagin si Isagani. Siya ay pinatawag ni Padre Florentino . Di umano, ang paring ito ay anak ng mayamang angkan na nagpari dahil sa pangako sa kanyang ina, kahit na siya ay may kasintahan.Si Isagani ay inaruga niya na ayon sa ibang matatabil ang dila ay anak niya sa dating katipan nang ito ay mabalo, at ayon sa iba ay anak ng isang pinsan niyang babae sa Maynila.

Nang pumunta si Padre Florentino sa itaas ng kubyerta, ay tapos na ang mainit na pagtatalo. Siya ring sungaw ni Simoun na ayon sa kanya, kung wala raw alamat ay walang kwenta sa kanya ang alinmang pook. Sa pagkakataong ito, isinalaysay ng kapitan ang alamat ng Malapad na Bato, na ayon sa kwento ay pinamumugaran ng tulisan. Nabanggit din ang alamat ni Donya Geronima na alam na alam ni Padre Florentino. May isang estudyanteng nangakong pakakasal sa kanyang iniibig na dalaga ngunit di natupad ang pangako. Ang dalaga ay nanatiling naghintay hanggang sa siya ay

tumanda na.  Nabalitaan nito na arsobispo na pala ito sa Maynila. Pinuntahan ng dalaga ang arsobispo upang tuparin nito ang naturang pangako. Inihanda ng arsobispo ang kweba at doon niya pinatira ang matandang dalaga hanggang sa ito ay namatay at doon na rin inilibing.  Nabanggit ni Simoun kay Padre Salvi na higit na mainam kung si Donya Geronima ay inilagay sa beateryo tulad ng Sta. Clara. Upang mabago ang usapan, naikwento ang alamat ni San Nicholas na nagligtas sa isang intsik sa mga buwayang naging bato nang magdasal ang nasabing intsik.

Sa mga sandaling yaon, dumaraan na sila sa Makiling na napuputungan ng maputing ulap at sa kaliwa nama'y makikita ang pulo ng Talim at ang Susong Dalaga na may anyong nakalimbutod na pinagkunan ng kanyang pangalan. Sa bahaging ito, tinanong ni Ben-Zayb kung saan binaril si Crisostomo Ibarra labintatlong taon na ang nakalilipas na agad namang itinuro ng kapitan. Diumano di raw nakita ang bangkay ng binata kaya iyon ang pinakamurang libing. Namutla si Simoun na ipinalagay ng kapitan na ito ay nahihilo dahil sa paglalakbay.

O, naunawaan mo ba ang iyong binasa? Naramdaman mo ba ang emosyong nangibabaw sa mga tauhan? Naabot ba ng iyong pang-unawa ang napipintong suliranin sa nobela?

Kung inunawa mong mabuti ang iyong binasa, madali mong masasagot ang mga gawaing inihanda ko para sa iyo. Tiyak ko, kayang-kaya mo ang mga ito. Sundin mo lang ang panuto.

## 3- **Linangin mo**…

### a. Pagsusuring Panglingwistika

Panuto : Matamang basahin mo ang mga sumusunod na pahayag at pagkatapos, isulat mo ang mga salitang nagpapakilala sa katangian o kahinaang ipinahihiwatig nito. Piliin mo sa loob ng kahon na nasa ibaba ang titik ng wastong sagot.

1. Nararapat na pagawin nang sapilitan ang lahat ng mga bilanggo, pati babae, lalaki kahit matanda.
2. Hindi ko pa nararating ang lalawigan ng mga mahihirap na hindi nakabibili ng hiyas.
3. Nagpari siya dahil sa pangako sa kanyang ina.
4. Ang dalaga ay naghintay hanggang sa siya ay tumanda.
5. Patuloy nilang pinag-uusapan ang Akademya ng Wikang Kastila.

a. tapat magmahal	c. mapagmaliit sa kapwa
b. masunuring anak	d.hindi makatao
e. masigasig sa mga balakin

Mabisa ba ang mga pahayag upang makilala mo kung anong uri ng mga tauhan ang nakapaloob sa binasa mo.

Ngayon naman, gawin mo ang kasunod na gawain.  Huwag kang mag-alala.  Madali lang ito. Makatutulong ito upang ganap mong maunawaan ang nilalaman ng mga kabanatang nakapaloob sa pinabasa ko sa iyo kanina.

**b. Pagsusuring Pangnilalaman**

Panuto: Punan ng angkop na sagot ang tsart.

| |
|---|
| Pamagat: ______________________<br>Tagpuan: (saan at kailan) ______________________<br>Pangunahing Tauhan: ______________________<br>Layunin ng pangunahing tauhan: _ _____________________<br>Dahilan ng kanyang kilos: ______________________<br>Mga pangyayari<br><br>______________________ ______________________<br>______________________ ______________________<br><br>Suliranin: (Mga pangyayari na lumikha ng suliranin)<br><br>______________________________________________________<br>______________________________________________________<br>______________________________________________________<br><br>Kalaban ng pangunahing tauhan: ______________________________ |

Madali lang?hindi ba? Ang susunod na gawain ay tiyak na maiibigan mo. Hahamunin nito ang kakayahan mong mag-analisa ng iyong binasa. Handa ka na ba?

**c. Pagsusuring Pampanitikan:**

Bago mo isagawa ang iyong gawain, alamin mo muna ang sinasaad ng nasa loob ng kahon.

| |
|---|
| Paggamit ng Simbolismo<br><br>Upang maging masining ang isang akda, ang may-akda nito ay gumagamit ng mga simbolismo. Ang mga simbolismong ito ay dapat na suriin at himayin upang maihayag ang tagong kahulugan nito at mailantad ang katotohanan sa masining na paraan. |

| |
|---|
| Naturalismo- binibigyang-diin dito ang mga saloobin, damdamin, kilos at gawi ng karakter at ang kaugnayan nito sa kapaligiran.<br><br>Sosyolohikal- Sa dulog na ito,sinusuri ang tauhan sa liwanag ng kalagayan niya sa lipunan ang kanyang pagtingin sa mga "mores", tradisyon at pamantayan at tungkulin sa lipunan. |

Panuto: Mula sa iyong binasa,hahanap ka ng mga simbolong ginamit ni Dr. Jose Rizal at ipaliwanag ang kaangkupan nito sa kasalukuyan.

| Simbolong Ginamit | Blg. Ng Talata | Paliwanag |
|---|---|---|
| | | |

Tingnan mo, madali lang. Mas madali ang susunod na gawain. Sundin mo ang panuto.

d. Halagang Pangkatauhan

Panuto: Piliin ang titik ng wastong sagot:

1. Alin sa palagay mo ang unang dapat isaalang-alang upang maging matagumpay ang isang plano?
   a. magandang saloobin sa gawain
   b. ang makukuhang pananalapi
   c. ang maiibigan ng nakararami.
   d. ang panahong igugugol dito.

2. Kung may isang taong tutol sa inyong plano, alin sa mga sumusunod ang gagawin mo?
   a. Hindi siya kakausapin.
   b. Magwawalang bahala na lamang
   c. Ipaliliwanag ang magandang bunga nito
   d. Gagawa ng paraang hindi siya makialam

3. Kung may taong minamaliit ang iyong kakayahan, alin sa mga sumusunod ang gagawin mo?
   a. Magkikibit ng balikat
   b. Hindi siya papansinin
   c. Hahanapin ang taong ito
   d. Patutunayang mali siya

4. } Alin-alin sa palagay mo ang nangingibabaw
5. } na kaisipan sa mga kabanata na maaari mong gawing patnubay sa buhay? Isulat mo ang sagot.
   a. Matutong makisalamuha sa dayuhan.
   b. Maging mahinahon sa lahat ng pagkakataon.
   c. Huwag makialam sa problema ng bansa.
   d. Magplano ng maganda sa ikabubuti ng bayan.
   e. Umiwas sa mga makapangyarihan.

Kung tapos ka na, kunin mo sa iyong guro ang susi sa pagwawasto. Kung ang iyong mga tugon ay malapit sa tamang sagot, ito ay katanggap-tanggap.

**4. Palalimin mo…**


Sagutin mo at ipaliwanag ang mga sumusunod na katanungan. Isulat sa iyong sagutang papel ang sagot.

1. Ano sa palagay mo ang simbolo ng pagkakagamit ni Dr. Jose Rizal ng bapor Tabo? Ang itaas at ilalim ng kubyerta?
2. Ipakilalang isa-isa ang mga tauhan. Sa palagay mo, nasa mga Pilipino ba sa kasalukuyan ang uri ng kanilang pagkatao? Ipaliwanag mo ang iyong sagot.
3. Sa inyong palagay, aling bahagi ng kabanata ang may pinakamaigting na bahagi? Bakit?
4. Alin naman ang bahagi ng kasukdulan at kakalasan? Ipaliwanag mo ang iyong sagot.

Tingnan mo ang iyong tugon sa susi sa pagwawasto na nasa iyong guro. Kung ito ay malapit sa wastong sagot, ito ay katanggap-tanggap.

**5. Gamitin mo…**

Mula sa mga nakilala mong tauhan sa araling pinag-aralan mo, itala mo ang ugaling katanggap-tangap at hindi katanggap-tanggap sa kasunod na tsart. Piliin sa ibaba ang tamang sagot.




Mga pamimilian

| | | | |
|---|---|---|---|
| Magaling | Mapanghimagsik | Maginoo | Matalino |
| Mapangatwiran | Mapanlait | Magaslaw | Maawain |
| Mapanghamak | Mayabang | Matimpi | |
| Mapaghiganti | Mapagmataas | Mapagpakumbaba | |

Kung naunawaan mo ang aralin, tiyak tama ang iyong sagot. Kunin mo sa iyong guro ang susi sa pagwawasto upang maging tiyak ka.

Alam kong medyo nahirapan ka, pero huwag kang susuko. Alam ko namang sinisikap mong matugunan ang lahat ng gawain.

Ngayon naman, may ipasusulat ako sa iyo. Madali lamang ito. Sige, simulan mo na.

6. **Sulatin mo**…

Panuto: Ayusin mo ang mga ginulong salita upang makabuo ng isang kaisipan. Ipaliwanag ito. Isulat mo ang sagot sa iyong sagutang papel.

| masamang | mabuti | kilala | sa mabuting |
|---|---|---|---|

| pa | na | ang | kaysa | lamang | kikilalanin |
|---|---|---|---|---|---|

Naiugnay mo ba ang kaisipang ito sa mga katangian at kahinaan ng mga tauhan sa El Filibusterismo. Tingnan mo kung tama ang iyong sagot. Hinggin mo ang susi sa pagwawasto sa iyong guro. Kung ito ay malapit sa wastong sagot,ito ay katanggap-tanggap.

**7. Lagumin mo…**

Panuto: Punan mo ng angkop na sagot ang mga patlang. Piliin mo sa loob ng kahon na nasa ibaba ang tamang sagot.

Sa kabuuan, mabigyang-puna ko ang _____________ ng akda lalo na ang pagpapakilala sa mga ____________, gayundin ang mga pangyayaring nagpakita ng __________ at ____________ na __________ sa bawat bahagi ng kabanata.

| | | |
|---|---|---|
| Tauhan | nagpaigting | kasukdulan |
| Simula | kakalasan | |

Tingnan mo ang iyong sagot kung tama sa susi sa pagwawasto na nasa iyong guro.

**8. Subukin mo…**

Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang mga pangungusap. Piliin ang titik ng tamang sagot.

1. Ang pahayag na "Mabuti na ang masamang kilala kaysa sa mabuting kikilalanin pa lamang," ay nangangahulugang __________.
   a. Makipagmabutihan sa masama.
   b. Kilalanin ang mga masasama.
   c. Mainam na kilala mo ang tao.
   d. Mas mainam ang masama kaysa mabuti.

2. Ang pahayag na "Ang tubig ay matabang at maiinom, ngunit lumulunod sa alak at serbesa at pumapatay ng apoy, na kapag pinainit ay sumusulak, nagiging malawak na dagat at gumugunaw ng santinakpan." ay nangangahulugang __________.
   a. tunay na nakamamatay ng apoy ang tubig.
   b. maaaring maghimagsik ang mga Pilipno lalo na't sila'y magkakaisa.
   c. bawat damdamin ay maaaring pagalitin upang magkaroon ng paglalaban.

d. tubig ang maaaring magamit upang matighaw ang uhaw ng mga tao.

3. Sa itaas ng kubyerta ay naroroon ang mga Europeo, mga prayle at matataas na tao at sa ilalim ng kubyerta ay makikita ang mga Pilipino, mga kalakal at ang mainit na makina. Ang dalawang pangkat ng mga manlalakbay ay sumisimbolo sa __________ .
   a. pagkakaiba ng mga Pilipino at kastila.
   b. kahirapan ng buhay ng mga mamamayan.
   c. pakikipaglaban ng mga Pilipino sa kastila.
   d. pagmamalupit ng mga kastila sa Pilipino.

4. Ang bapor Tabo ay sumasagisag sa __________ .
   a. uri ng sasakyan noon.
   b. tiwaling pamamahala noon.
   c. pananaw ng kastila sa mga Pilipino.
   d. pagwawalang-bahala ng pamahalaan.

5. Ang sapilitang paggawa na iminumungkahi ni Simoun at tumutugon sa _________.
   a. pagpapairal ng himagsikan.
   b. paglutas sa suliranin ng Ilog Pasig.
   c. pagsagot sa pangangailangan ng bayan.
   d. pagpapalaganap ng planong pambansa.

6. Ang ipinalalagay na matalino ay si __________ .
   a. Simoun                c. Isagani
   b. Don Custodio          d. Basilio

7. Nangingilag ang mga prayle at sina Don Custodio kay Simoun dahil sa __________ .
   a. ito ay mayaman.
   b. ayaw nila ng alahas nito.
   c. kaibigan ito ng kapitan Heneral.
   d. tutol ito sa kanilang panukala.

8. Naniniwala si Simoun na __________ .

   a. kaya niyang lutasin ang problema ng Ilog Pasig.
   b. ang tubig ay pumapatay ng apoy.
   c. ang bapor Tabo ay daong ng pamahalaan.
   d. ang mga Pilipino ay mahilig sa alahas.

8. } Alin-alin sa mga sumusunod ang gagawin mo
9. } upang makatulong sa paglutas sa suliranin ng bansa?
   a. Tumulong sa pagpaplano.
   b. Gumawa ng mabuti sa kapwa.
   c. Umisip ng magagawa.
   d. Tumulong sa sariling kaparaanan.
   e. Humingi ng tulong sa kinauukulan.

Kung tapos ka na, iwasto mo ang iyong sagot. Kunin mo ang susi sa pagwawasto na nasa iyong guro.

Ano ang iskor mo? Kung ang iskor mo ay 7 pataas, magaling. Kung ang iskor mo naman ay 6 pababa, may ipagagawa ako sa iyong isang gawaing kaugnay nito. Handa ka na?

**10. Paunlarin mo…**

Bumuo ka ng isang saknong na may apat na taludtod at may tugma tungkol sa kaisipang nakuha mo sa aralin.

# *VI. Aralin 2: Ang Mga Sawi*

## *A. Anu-ano ang mga Tiyak na Matututunan mo?*

Bilang pagpapatuloy ng pag-aaral sa El Filibusterismo na kinapapalooban ng Kabanata IV hanggang Kabanata VII, inaasahang matatamo mo ang mga sumusunod na kasanayan;

1. Nabibigyang-kahulugan ang mga piling pahiwatig na ginamait sa akda
2. Nailalahad ang mga napipintong suliranin batay sa karanasan ng mga tauhan
3. Nabibigyang-reaksyon at paliwanag ang pahiwatig na katangian ng mga tauhan
4. Naisusulat ang mga pangunahing konsepto sa aralin
5. Natatalakay ang kahalagahan ng pagsasannggalang sa karapatan

B. Mga Gawain sa Pagkatuto

**1. Alamin mo…**

Ipagpatuloy natin ang paggamit ng simbolo upang maunawaan mo ang mga sumusunod na kabanata.

Panuto: Isulat ang mga kaugnay na salita, sitwasyon o pangyayaring angkop sa bawat hanay.Piliin sa ibaba ang tamang sagot.

| Sa Tahanan | Sa Paaralan |
|---|---|
| _______________ | _______________ |
| _______________ | _______________ |
| _______________ | _______________ |

Sa Pamayanan

_______________

_______________

_______________

Mga Pamimilian :

| | |
|---|---|
| Pagbagsak sa klase | Pakikipag - alitan |
| Paghihiwalay ng mga magulang | Walang panustos |
| Pagkasangkot sa gulo | Walang kagamitan |
| Pagsama sa masamang barkada | Walang baon |
| Namatayan | |

Nasagutan mo ba ang gawain? Madali lang, di ba? Ngayon, alin kaya sa mga sitwasyong naisulat mo ang may kaugnayan sa susunod na kabanatang pag-aaralan mo. Alamin mo sa pamamagitan ng pagbasa ng mga kasunod na kabanata.

**2. Basahin mo…**

**Ang Mga Sawi**

Si Kabesang Tales na anak ni Tandang Selo ay yumaman dahil sa tiyaga. Naghawan siya ng gubat na walang nagmamay-ari. Ginawa niya itong tubuhan na nang umunlad ay inangkin ng mga prayle. Pinabuwisan ito hanggang sa tumaas nang tumaas ang buwis na binabayad sa hindi na makaya pa ni Kabesang Tales.

"Ipagpalagay mong natalo ka sa sugal o kaya'y nahulog sa tubig at sinakmal ng buwaya", ang sabi ni Tandang Selo.

Nang sumunod na taon, ginawang limampung piso ang dating talumpung pisong buwis, at ito ay binayaran ni Kabesang Tales nang walang kagalitan.

Muli sinabi ni Tandang Selo, "Ipagpalagay mong lumaki ang buwaya"

Hanggang sa umabot sa dalawangdaang piso ang buwis at hindi na nasiyahan si Kabesang Tales. Sinabi ng prayle na kapag hindi siya nakapagbayad ng buwis, iba na ang lilinang ng lupang yaon.

Sabi niya, "Tayong lahat ama ay uuwi sa lupa ay uuwi sa lupa at ipinanganak tayong walang baro." Hindi na bumanggit si Tandang Selo ng tungkol sa buwaya.

Tinanuran ni Kabesang Tales ang kanyang bukid kaya pinagbawal ang baril, ang gulok, ang palakol o anumang maaari niyang magamit hanggang sa mahulog siya sa mga tulisan kaya kinakailangang isanla ni Huli ang kanyang hiyas liban sa isang locket o agnos na bigay sa kanya ni Basilio, ang kanyang katipan. Nais ni Huling matubos ang ama ngunit kulang ang kanyang salapi kaya nagpaalila siya kay Hermana Penchang.

Samantala, dumating na si Basilio sa San Diego at nakitang inililibot ang prusisyon ng Noche Buena sa mga lansangan. Nabalam sila ng ilang oras sa daan dahil sa nalimutan ng kutsero ang mga sedula nito at ito'y kinakailangang bugbugin muna ng mga guwardiya sibil.

Pagkaraan ng prusisyon, napuna naman ng mga sibil na walang ilaw ang parol ng karitela. Muli na namang naparusahan ang kawawang si Sinong kung kaya naglakad na lamang si Basilio. Nadaanan niya ang tanging masayang bahay ni Kapitan Basilio at doon nakita niya ang kura, alperes at si Simoun na nag-uusap. Nawika tuloy niya na "Ang lahat ay

nakapaghahanapbuhay sa bayang ito, maliban sa amin". Hanggang sa marating niya ang gubat, noche buena na noon, madilim kaya pilit niyang inaninaw ang libingan ng kanyang ina. Ipinagdasal niya ang kaluluwa nito at naalala ang mga naganap labingtatlong taon na nakakalipas. Si Kapitan Tiyago ang nag-aruga sa binata, ginawang utusan at pinag-aral. Sa panahon ng kanyang pag-aaral, siya ay kinukutya dahil sa luma niyang kasuotan, ngunit sa kabila nito, nanatili siyang nagtiis. Nang siya ay inilipat ni Kapitan Tiyago sa Ateneo Municipal, palibhasa, galit ito sa mga prayle, mula ng magmongha si Maria Clara, malaki ang natutuhan ni Basilio. Ipinagmamalaki siya ng mga propesor, nakasulit at kumuha ng medisina. Plano niya na pakasulan si Huli, pagkatapos ng pag-aaral.

Matapos ang maikling panalangin, pauwi na si Basilio nang may naaninag siyang anino. Kaagad niyang nakilala ang aninong ito. Ito ang taong tumulong sa kanya na ilibing ang kanyang ina. Di nagtagal, nag-alis ng salamin ang lalaking ito. Kaagad niyang nakilala na ito ay si Simoun. Doon niya naunawaan na si Simoun ay si Crisostomo Ibarra at si Crisostomo Ibarra ay si Simoun.

Matapos ang ilang saglit, nagpakita si Basilio kay Simoun upang matulungan niya ang mag-aalahas sa paghuhukay bilang pagtanaw ng utang na loob. Sa pagkakataong ito, tinutukan ni Simoun ng baril ang binata sapagkat alam niyang maaaring masira ang kanyang plano dahil sa lihim na nabunyag. Sa kanilang pag-uusap, nasabi ni Simoun na tulad mo Basilio, mayroon silang dapat na ipaghiganti sa pamahalaan at inamin niyang nagbalik niya sa Pilipinas bilang Simoun upang ibagsak ang pamahalaan.

Sa pag-uusap nina Simoun at Basilio, nasabi ng mag-aalahas na ang binabalak ng mga mag-aaral na magtayo ng paaralan ng Wikang Kastila at gawing lalawigan ng Espanya ang Pilipinas ay magiging daan upang ang bayan ay maging bayang walang pagkukuro at walang kalayaan ngunit ayon kay Basilio, ito ay magbubuklod sa mga Pilipino na tinutulan naman ng kausap.

Nagpatuloy ang pag-uusap ng dalawa hanggang mawika ni Simoun na ang bayan ay hindi nangangailangan ng mahusay na manggagamot, kundi ang sakit ng bayan ang higit na nangangailangan ng kagamutan. Ayon sa kanya "Walang halaga ang buhay na di nauukol sa isang layuning dakila, parang isang bato sa linang sa halip na maging sangkap sa isang gusali". Sinabi pa rin ni Simoun "Ang kadakilaan ng tao ay hindi magagawa sa pagpapauna sa kanyang panahon kundi nasa pagtugon sa kanyang pangangailangan at hangarin sa pag-unlad.

Ang lahat ng pagpapaliwanag ni Simoun ay hindi pinuna ni Basilio sapagkat ayon sa kanya, "Lahat ng pagtatagumpay ng katuwiran, lahat ng paghihiganti sa daigdig ay hindi makabubuhay na muli, kahit sa isang buhok ng aking ina o makapagpapanariwa sa isang ngiti ng aking kapatid", na sinagot naman ni Simoun na "Ang pagpapaumanhin ay hindi laging kabaitan ito'y isang kasamaang nag-udyok ng paniniil, walang mang-aalipin, doon sa walang mapaaalipin". Para kay Basilio, wala siyang pakialam, basta hayaan na lamang siyang makagawa, makapanggamot at mabuhay.

Matapos ang pag-uusap, pinagbawalan ni Simoun si Basilio hinggil sa pagbubunyag ng kanyang lihim at naiwan siyang nag-iisip sa saloobin ng binata, kung ito ay nakumbinsi niya na maghiganti ngunit naglihim lamang o sadyang wala na talagang hangad na maghiganti.


Matapos mong basahin ang buod kabanata 4,5,6, at 7 gawin mo ang kasunod na gawain upang makatiyak ka na naunawaan mo ang iyong binasa. Madali lang ito kaya wala kang alalahanin.

### 3. Linangin mo


#### a. Pagsusuring Panglingwistika

Punan ng angkop na titik ang mga kahon upang mabuo ang pahiwatig na kahulugan nito.


1. Gumamit siya ng baril, gulok, palakol at anuman hanggang sa mahulog siya sa kamay ng mga tulisan.




2. Pilit niyang pinagsanggalang ang lupang sinasaka.




3. Nagsanla siya ng hiyas para sa ama.



4. Nabalam ng ilang oras si Basilio sa daan.



5. Nag-uudyok ng paniniil ang kasamaan ng mga dayuhan



Iwasto mo ang iyong sagot. Kunin mo sa iyong guro ang susi sa pagwawasto.

May nakita ka bang nabubuong suliranin sa mga pahayag. Upang lubos mo itong maunawaan, may ipagagawa ako sa iyo. Madali lang ito. Malaki ang maitutulong nito sa ganap na pagkaunawa sa aralin.

**b. Pagsusuring Pangnilalaman**

Sa tulong ng dayagram, magsulat ng mga natatanging karanasan ng mga tauhan at ang kanilang napipintong suliranin.

Simoun

Basilio

Kabesang Tales

Sinong

| Karanasan | Suliranin |
|---|---|
| | |
| | |
| | |
| | |
| | |
| | |

Muli, kunin mo ang susi sa pagwawasto sa iyong guro upang malaman kung tama ang iyong sagot.

Kung tapos ka na, higit mong maiibigan ang susunod na gawain. Madali lamang ito kaya nga lamang talagang mag-iisip ka. O! huwag kang mag-alala, tiyak, kayang-kaya mo ito. Di ba nasagutan mo yaong nakaraang gawain kaya masasagutan mo rin ito. Simulan mo na.

**c. Pagsusuring Pampanitikan**


Panuto: Mula sa binasa, pumili ka ng mga piling pahayag na nagpapaigting ng damdamin at ipaliwanag.

| Mga Piling Pahayag | Sino ang Nagsabi | Pahiwatig na Katangian/kahinaan | Paliwanag | Reaksyon |
|---|---|---|---|---|
| | | | | |
| | | | | |
| | | | | |
| | | | | |
| | | | | |
| | | | | |

Kung tapos ka na, hingin mo sa iyong guro ang susi sa pagwawasto. Kung ito ay malapit sa tamang sagot, ito ay katanggap-tanggap.

e. Halagang Pangkatauhan

Panuto: Isulat sa angkop na hanay ang makatarungan o hindi makatarungang bunga ng paghihiganti. Piliin sa ibaba ang sagot. Pagkatapos bumuo ng kaisipang angkop dito.




Kung madali mong nasagot ang gawain, magaling! Ito ay katanggap-tanggap. Mas madali mong masasagot ang kasunod na gawain.

Mga pamimilian:

- Walang buting mapapala
- Matatahimik ang kalooban
- Naisagawa ang gustong mangyari
- Lalala ang sitwasyon
- Maaaring makamit ang hangad na katarungan
- Ugat ng alitan

Kung madali mong nasagot ang gawain, magaling! Ito ay katanggap-tanggap. Mas madali mong masasagot ang kasunod na gawain.

**4. Palalimin mo…**

Panuto: Sagutin at ipaliwanag mo ang mga sumusunod:

1. Kung matutuloy ang paghihiganti ni Simoun, ano ang maaaring ibunga nito? (TAC)
2. Kung ikaw ay tulad ng mga tauhang nabanggit na dumanas ng paghihirap sa pamahalaan, ano ang gagawin mo? (MAD)

Tingnan mo ang iyong tugon sa susi sa pagwawasto na nasa iyong guro. Kung ito ay malapit sa wastong sagot, ito ay katanggap-tanggap.

**5. Gamitin mo…**

Panuto: Punan ng angkop na sagot ang mga patlang.

Hindi dapat maghari ang galit dahil sa ________

______________________________

______________________________

Sa mga pang-aaping maaaring ___________ dinaranas sa buhay

______________________________

______________________________

______________________________

Natitiyak ko, may nabago sa iyong saloobin at sana, magamit mo ito sa aktwal na buhay..

6**. Sulatin mo …**

Panuto: Pumili ka ng isa sa mga tauhang nabanggit sa aralin na nakapukaw sa inyong damdamin. Ipaliwanag kung bakit siya ang inyong napili. Gumamit ka ng mainam na panimula at wakas. Gumamit ka rin ng tamang bantas. Sumulat ka sa iyong sagutang papel.

Maayos mo bang naisagawa ang gawain. Itsek mo ito muli sa susi ng pagwawasto na nasa iyong guro.

**7.Lagumin mo…**

Panuto: Lagyan mo ng tsek (/) ang bilang na tumutugon sa mga natutunan mo.

_______ 1. Nakilala mo nang lubusan si Simoun.
_______ 2. Naunawaan ang desisyon ni Basilio.
_______ 3. Tama lang ang ginawang pahirap sa kutsero.
_______ 4. Nalaman ang mga pagsisikap ni Kabesang Tales.
_______ 5. Naipaliwanag ang gamit ng simbolo sa pagiging masining ng akda.
_______ 6. Nakilala ang tamang pamamahala.
_______ 7. Nabigyang- reaksyon ang matitinding bahagi ng aralin.
________8. Nailahad ang kahalagahan ng pagsasanggalang sa karapatan.
________9. Nalamang si Simoun at Crisostomo Ibarra ay iisa.
_______10. Sumasang-ayon si Basilio na pinanindigan ni Simoun.

Tapos ka na ba? Alam kong nadalian ka. Kunin mo muli sa iyong guro ang susi sa pagwawasto.

Pagkatapos niyan ay may isa pang gawain na susukat sa natutunan mo. Unawain mo itong mabuti.

**8.Subukin mo…**

Panuto: Unawaing mabuti ang mga sumusunod na pahayag. Piliin ang titik ng wastong sagot.

1. Tinanuran ni Kabesang Tales ang kanyang bukid.
Ang salitang may salungguhit ay nangangahulugang
a. pagpanooran c. binantayan
b. nilakaran d. pinagmasdan

2. Nagbalik upang ibagsak ang pamahalaang marumi, sukdang ipagdanak ng dugo. Ang nagsasalita ay ___________.
a. nagdaramdam c. nagbabanta
b. nagagalit d. nananakot

3. Pinagbawal ang baril, kaya nagdala ng gulok. Ipinagbawal ang gulok, kaya nagdala ng palakol. Siya ay _____________.

a. matapang c. may ipinagmamalaki
b. mapusok d. may paninindigan

4. Makikita sa simula ng binasang aralin ang ___________.

a. pagkilala kay Kabesang Tales c. pagdadala ng armas
b. pangangamkam ng bukid d. pangangalaga sa bukid

5. Hindi sinanla ni Huli ang locket o agnos sapagkat ito ay __________.

a. bigay ni Basilio c. mahalaga kay Kabesang Tales
b. pagmamay-ari ni Maria Clara d. galing sa isang ketongin

6. Ayon kay Basilio, ang paghihiganti ay ___________.

a. hindi makabubuhay sa bangkay ng kanyang ina.
b. lalo lamang magpapalala ng kanyang suliranin
c. makatutulong lamang sa mag- aalahas
d. walang buting idudulot kaninuman

7. Sa pahayag na "Ngayon po'y wala nang nalalabi kundi ang gantihan ng sama ang sama, ng pagpatay ang pagpatay, ng pamamaslang ang pamamaslang! Ang nagsasalita ay ________.

a. matapang c. masigasig
b. mapusok d. matatag

8. "Malapit na ang araw, at sa pagbubukang liwayway ay ako na rin ang magbabalita sa inyo." Sa pahayag na ito, nakikinita ni Simoun na ______________.

a. magiging malaya ang bansa c. tutulungan niya si Basilio
b. mamatay na siya d. magbabago siya ng pasya

9.–10. } Ang pagsasanggalang sa karapatan ay nagbubunga ng _________________.

a. pag-asa sa buhay
b. pananaig ng kabutihan
c. pag-asam ng magandang bukas
d. pagtalima sa tungkulin
e. pagiging huwaran ng kapwa

Gusto mo bang malaman ang iyong iskor. Kunin mo ang susi sa pagwawasto sa iyong guro. Kung ang iskor mo ay 7 pataas, tama mahusay ka. Kung ang iskor mo ay 6 pababa, may panibago akong gawain para sa iyo.

**1. Paunlarin mo…**

Panuto: Bumuo ka ng konsepto sa tulong ng mga ginulong salita sa loob ng kahon.

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| inaasam | hakbang | pag-aralan | na | maging | na |
| tiyak | ang | anumang | sa | isasagawa | tagumpay | nang |

Madali lang di ba? Tingnan mo kung tama ang iyong sagot. Kunin mo sa iyong guro ang susi sa pagwawasto. Katanggap-tanggap kung malapit sa tamang sagot.

# VII Aralin 3: Kabalintunaan

## A. Anu-ano ang mga Tiyak na Matututunan mo?

Sa pag-aaral ng Kabanata VIII hanggang Kabanata X inaasahang matatamo mo ang mga sumusunod na kasanayan.

1. Nabibigyang-kahulugan ang mga mahihirap na salitang magbibigay-linaw sa kaisipan ng akda
2. Naipakikilala ang ilan pang mga tauhan sa akda
3. Naipaliwanag ang mga napipintong suliraning nasasalamin sa akda
4. Nabubuo ang talatang nagbibigay-diin sa kaisipang nakuha sa akda
5 Nailalahad ang kahalagahan ng paggiging matatag sa pagharap sa suliranin

## B. Mga Gawain sa Pagkatuto

**1. Alamin mo…**

Kung ikaw ay naantig sa mga nakaraang kabanata, lalo mong maiibigan ang mga susunod na kabanata (Kab. VIII-Maligayang Pasko, Kab. IX-Ang mga Pilato at Kab. X-Kayamanan at Karalitaan) . May inihanda akong gawain. Sundin mo lamang ang panuto.

Panuto: Ayusin mo ang ginulong titik sa loob ng kahon upang matukoy ang hinihingi sa bawat bilang.

a. Pagbati sa kaarawan ni Hesus

| |
|---|
| M P A<br>G L A<br>I A O S<br>K Y A G N |

c. Ang hindi nakalilimot sa kaugalian ng mga Pilipino

| |
|---|
| K E A T<br>A S N G B<br>A L E S |

b. Inaasam ng mga taong may hinihiling

| |
|---|
| M L H<br>A I A |

d. Ang sinasagisag ng alahas

| |
|---|
| K A N<br>A M<br>Y A A N |

e. Araw ng mga Bata

| |
|---|
| S A<br>P<br>O<br>K |

Nasagutan mo ba ang mga gawain. Napakadali di ba? Iwasto mo ang iyong sagot. Kunin mo sa guro ang susi sa pagwawasto.

**2. Basahin mo…**

Alam kong nasiyahan ka sa nakaraang araling binasa mo. Ngayon, muli kang babasa ng isang bahagi ng El Filibusterismo. Unawain mo itong mabuti.

**Kabalintunaan**

Ayon sa matatanda, ang araw ng Pasko sa Pilipinas ay araw ng mga bata, mga batang marahil ay may iba namang palagay. Ito ang araw na kinatatakutan nila sapagkat kailangang gumising sila nang maaga, hinihilamusan, binibihisan ng mga bagong damit na pinakamahal at pagkatapos, pinagsisimba na tumatagal ng halos isang oras. Sa bawat galaw nila, sila ay kinukurot o binubulyawan kaya ni hindi sila makatawa ni matuwa. Dahil dito, mas ibig na lamang nila ang pang-araw-araw na kasuotan. Sa kanila, ang mga kaaligagaang pangyayari ang naiiwang alaala sa araw ng Pasko.

Tignan na lamang ang nangyari kina Huli sa araw ng Pasko. Hindi naghimala ang Mahal na Birhen kaya natuloy si Huli na maging busabos ni Hermana Penchang. Dahil dito, napipi si Tandang Selo at ito ay pinag-usapan ng buong bayan.

Dahil sa nangyaring ito, nagsabi ang alperes at tenyente na sinamsam ang mga sandata upang di madukot si Kabesang Tales. Ayon naman kay Hermana Penchang, si Tandang Selo ang may kasalanan sapagkat hindi ito marunong magdasal at hindi nagturo ng wastong pagdarasal sa mga kaanak tulad ng ginagawa niya kay Huli na tinuturuan niyang magdasal at pinababasa niya ng aklat na "Tandang Basyong Makunat". Sinabi rin niya na si Basilio nang mabalitaan niyang tutubusin and dalaga, ay isang demonyong nag-aanyong estudyante na ibig na magpahamak sa kaluluwa ng dalaga.

Nakauwi na si Kabesang Tales sa tulong ng mga alahas na naisanla ni Huli at nautang ng dalaga kay Hermana Penchang ngunit iba na ang nagsasaka ng kanyang lupa. Naging alipin si Huli at pipi na si Tandang Selo.

Samantala, kahit na nagdarahop si Kabesang Tales, nakuha pa rin niyang tanggapin ang mag-aalahas na si Simoun nang ito ay makipanuluyan sa kanyang bahay. Dala-dala na ng mag-aalahas ang lahat ng kanyang mga kailangan, at dalawang kabang mga alahas. Ipinagmalaki rin ni Simoun ang kanyang rebolber kay kabesang Tales.

Sa panunuluyan ni Simoun sa bahay ni Kabesang Tales, nasabi nya na namimili rin siya ng mga alahas. Sa pagkakataong iyon, naimungkahi ni Sinang, ang kaibigan ni Maria Clara na ipinagbili ang locket ni Maria Clara. Tinawaran kaagad ng mag-aalahas ang naturang alahas ng limandaang piso o kaya ay maaari raw itong ipagpalit sa alinmang hiyas na maiibigan. Ayon kay Kabesang Tales, ipagpapaalam pa muna niya ito sa kanyang anak na si Huli. ngunit nang ito ay pinuntahan niya sa bahay ni Hermana Penchang, natanawan niya ang prayle, ang bagong gumagawa sa kanyang lupa na nagtatawaran pa na tulad ng isang lalaking nakita ang kanyang asawa na nakitang may ibang kasamang lalaki at pumasok sa isang silid. Naramdaman niyang waring naglaho ang kanyang pagkalalaki, kaya nagbalik na lamang siya sa bahay.

Kinabukasan, wala na si Kabesang Tales at wala na rin ang rebolber ni Simoun ngunit iniwan niya ang locket ni Maria Clara. Nag-iwan din siya ng liham na humihingi ng paumanhin at sinabing sasapi siya sa mga tulisan. Nagbilin din siya na mag-ingat ito sa mga tulisan. Sa halip na magalit, natuwa pa ang mag-aalahas at nagwikang. "Sa wakas, natagpuan ko ang taong aking kailangan… May pagkamainuhin ngunit hindi bali; makatutupad siya sa lahat niyang pangako."

Dinakip ng mga gwardiya sibil si Tandang Selo. Sa kabila naman, tatlo ang napatay ni Kabesang Tale. , ang prayle, ang lalaking gumagawa ng lupa at ang asawa nito. Sa tabi ng bangkay may kapirasong papel na may nakasulat na Tales na igunuhit ng dugo sa pamamagitan ng daliri.

Nasundan mo ba ang daloy ng mga pangyayari? Naging malinaw ba sa iyo ang mga ito? Upang makatiyak tayo, sagutin mo ang mga susunod na pagsasanay. Huwag kang kabahan, kayang-kaya mo ito.

### 3. Linangin mo…

a. **Pagsusuring Panglingwistika:**

Panuto: Matamang basahin ang mga pangungusap. Unawaing mabuti ang mga kaisipang inihahatid nito. Pagkatapos, piliin sa ibaba ang titik ng kasalungat na kahulugan ng mga salitang may salungguhit.

1.Tanging kaaligagaang pangyayari ang nagugunita noon ng mga bata dahil sa mga kurot na kanilang nararanasan.

2.Kahit nagdarahop, tinanggap pa rin ni Kabesang Tales si Simoun sa kanyang bahay.
3.Naramdaman niyang waring inaglahi ang kanyang pagkalalaki.

4.Ayon kay Hermana Penchang, si Basilio ay isang demonyong nag-anyong estudyante.

5.Naging busabos ni Hermana Penchang si Huli.

a. anghel c. kabutihan e. sumasagana
b. amo d. pinahatagahan


Nasagutan mo ba nang tama ang mga tanong? Para makatiyak ka, kunin mo sa iyong guro ang susi sa pagwawasto. Itsek mo ito.

Pagkatapos, tiyakin natin kung naunawaan mo ang iyong gawain. May inihanda akong gawain na tutulong sa iyo. Sige, simulan mo na. Sundin mo lang ang panuto.

**b. Pagsusuring Pangnilalaman**

Panuto: Sa tulong ng dayagram sa ibaba, itala ang katangian o kahinaang nangingibabaw sa mga tauhan at ang bahagi sa akda na nagpapatunay nito.


Kung tapos ka na, iwasto mo ang iyong sagot. Kunin mo sa iyong guro ang susi sa pagwawasto.



Kung tapos ka na, iwasto mo ang iyong sagot. Kunin mo sa iyong guro ang susi sa pagwawasto.

c. **Pagsusuring pampanitikan**

Panuto: Ilahad ang mga pangyayaring nagsasaad ng kabalintunaan. Ipaliwanag mo ang iyong sagot. Gamitin mo ang dayagram sa ibaba ngunit sa iyong sagutang papel ka sasagot.




Naunawaan mo na ba ang aralin? O, hindi pa tapos,ha! May isa pang gawain para sa iyo. Hindi kita pahihirapan. Basahin mo lang mabuti ang panuto.

**c. Halagang Pangkatauhan:**

Matapos mong mabasa at maunawaan ang aralin, paano mo haharapin ang mga pagsubok sa buhay batay sa naganap sa mga sumusunod na tauhan:

| Tauhan | Suliranin | Solusyon |
|---|---|---|
| Huli | | |
| | | |
| Tandang Selo | | |
| | | |
| Kabesang Tales | | |
| | | |
| Simoun | | |
| | | |

Naisagawa mo ba ang gawain nang maayos? Iwasto mo ang iyong sagot batay sa susi sa pagwawasto na hawak ng iyong guro.

Nadalian ka ba? Sa aling bahagi ka nahirapan? May dagdag na gawain pa ako para sa iyo. Tingnan mo ang kasunod.

**4. Palalimin mo…**

Dugtungan mo ang mga sumusunod upang makabuo ng mabisang pahayag.

| | |
|---|---|
| May mga taong | ________________________________________ |
| nagnanais na | ________________________________________ |
| ngunit | ________________________________________ |
| kaya | ________________________________________ |

Hingin mo sa iyong guro ang susi sa pagwawasto nang malaman mo kung tama ang iyong sagot.
Ngayon naman, may ipagagawa pa ako sa iyo.
Huwag kang mag-alala, madali lang ito.

**5. Gamitin mo…**

Lagyan mo ng tsek ( ✔ ) kung ikaw ay sumasang-ayon at ekis (x) kung ikaw ay sumasalungat sa kaisipang inihahayag.

______ 1. Tama lamang na umasa sa himala.
______ 2. Ang sukatan ng Pasko ay hindi lamang sa pagkakaroon ng bagong damit.
______ 3. Alamin ang buhay at pamumuhay ng ibang tao.
______ 4. Hindi mapagtatakpan ng dasal ang anumang kasalanan.
______ 5. Maging matatag sa pagharap sa mga suliranin.
______ 6. Hindi maitutuwid ng isang mali ang nagawang pagkakamali.
______ 7. Manalig sa kapangyarihan ng Panginoon.
______ 8. Pakitunguhan nang maayos ang panauhin.
______ 9. Salungatin ang isang gawain sa pamamagitan ng dahas.
______ 10. Ang pananakot ay sagot sa diwa ng pang-aalipin.

Pagkatapos mong sagutin ang gawain, kunin mo ang susi sa pagwawasto sa iyong guro at iwasto ang iyong sagot.

**6. Sulatin mo…**

Ngayon, susubukin ko naman ang kakayahan mo sa pagsulat. Basahin mong mabuti ang panuto.

Panuto: Sumulat ka ng isang talataang nagbibigay-linaw sa pamagat ng aralin "KABALINTUNAAN." Ilahad mo ang pagkaunawa mo sa salitang ito at ipaliwanag kung bakit ito ang pamagat. Maaari kang magbigay ng mga halimbawa.

Gumamit ka ng mainam na panimula at wakas. Gumamit ka rin ng mga tamang bantas sa pagsulat. Sumulat ka sa iyong sagutang papel.

Kung tapos ka na, muli mong basahin ang iyong isinulat. Kung ito ay malapit sa susi sa pagwawasto na nasa iyong guro, ito ay katanggap-tanggap.

**7. Lagumin mo…**

Punan mo ng angkop na titik ang mga kahon na may bilang upang mabuo ang nakalahad na kaisipan dito. Tingnan sa ibaba ang angkop na titik ayon sa hinihingi ng bilang

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| 13 | 1 | 7 | 9 | 14 | 7 |

| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| 13 | 1 | 22 | 1 | 22 | 1 | 7 |

| | |
|---|---|
| 21 | 1 |

| | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 18 | 1 | 7 | 8 | 1 | 20 | 1 | 18 |

| | |
|---|---|
| 21 | 1 |

| | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 21 | 23 | 12 | 9 | 20 | 1 | 14 | 9 | 14 |

| A | B | C | D | E | F | G | H | I | J | K | L | M | N | Ñ | NG | O | P |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 1 | 2 | 3 | 4 | 5 | 6 | 7 | 8 | 9 | 10 | 11 | 12 | 13 | 14 | 15 | 16 | 17 | 18 |

| Q | R | S | T | U | V | W | X | Y | Z |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 19 | 20 | 21 | 22 | 23 | 24 | 25 | 26 | 27 | 28 |

Nadalian ka ba? Dapat lang. Kunin mo na sa iyong guro ang susi sa pagwawasto. Tingnan mo kung tama ang iyong sagot. Kung tama, ang galing mo!

**8. Subukin mo…**

Panuto: Basahing mabuti ang mga sumusunod na pangungusap.
Piliin ang titik ng wastong sagot.

1. Mga kaaligagaang pangyayari lamang ang nagugunita ng mga bata noon kapag araw ng Pasko. Ang pahayag ay nangangahulugang ___________.
   a. Walang saya kapag araw ng Pasko.
   b. Mahirap ang buhay kapag Pasko.
   c. Ayaw ng mga bata noon ang Pasko.
   d. Hindi malilimot ng mga bata ang Pasko.

2. Nang magbalik si Kabesang Tales, wala na ang lupang sinasaka niya, nagpaalila si Huli, napipi si Tandang Selo. Ito ay nangangahulugang _________________.
   a. labis na pinarusahan si Kabesang Tales.
   b. mahirap ang buhay na pinagdaraanan ni Kabesang Tales.
   c. wala na siyang magagawa pa sa buhay.
   d. talagang ganoon ang buhay ng isang mahirap.

3. Natuwa si Simoun nang kinuha ni Kabesang Tales ang rebolber. Sa ikinilos ni Simoun, nangangahulugang _______________.
   a. nagtagumpay siya sa kanyang pakay.
   b. makababayad na siya ng utang na loob.
   c. hindi na siya sisingilin ni Kabesang Tales.
   d. hindi na siya mapagkakamalang rebelde.

4. Alin sa mga sumusunod ang tahasang inilahad sa aralin?
   a. Ayaw ng mga bata ang Pasko.
   b. Napipi si Tandang Selo.
   c. Marami ang bumili ng Alahas.
   d. Nagpasalamat si Simoun kay Kabesang Tales.

5. Alin ang hindi binanggit sa akda?
   a. Natubos ni Basilio si Huli.
   b. Tinuruan ni Hermana Penchang na magdasal si Huli.
   c. Marami ang humanga sa alahas ni Simoun.
   d. Ninakaw ni Kabesang Tales ang rebolber.

6. Sa kasawiang sinapit ni Tandang Selo _______________.

   a. walang masisising sinuman.
   b. lahat ay sumisisi kay Kabesang Tales.
   c. lahat ay naaawa sa kanya.
   d. ayaw makialam ng nakararami.

7. Alin kaya ang napipintong suliranin sa pagkuha ni Kabesang Tales ng rebolber ni Simoun?
    a. Pananagumpay ng kanyang plano.
    b. Hindi na maibalik ang rebolber.
    c. Darami ang kanyang kaaway.
    d. Pagkapahamak sa kamay ng mga gwardiya sibil.

8. Ang masasabing maigting na bahagi sa aralin ay ____________.

    a. ang pagsisimba ng mga bata.
    b. nang magpaalila si Huli.
    c. nang manuluyan si Simoun kay Kabesang Tales.
    d. nang nakawin ni Kabesang Tales ang rebolber.

9. Sa harap ng mga suliranin, dapat na _______________.

    a. sumangguni sa kinauukulan.

    b. manahimik sa isang tabi.
    c. manalangin at magpakatatag.
    d. magpatulong sa kapwa.

10. Kung ikaw ay may suliranin, _______________.

    a. harapin ito at hanapan ng solusyon.
    b. itanong sa Diyos kung bakit.
    c. ibaling sa iba ang atensyon.
    d. hayaan at lilipas din iyan.

Tiyak, gusto mong malaman ang iyong iskor, kung gayon itsek mo ang ginawa mo. Kunin mo ang susi sa pagwawasto sa iyong guro. Kung ang iskor mo ay 7 pataas, ang galing-galing mo. Kung ang iskor mo ay 6 pababa, may susunod kang gawain na madali mong magagawa.

**9. Paunlarin mo…**

Bumuo ka ng jingle na kinapapalooban ng konseptong natutuhan mo. Maaari mo itong ihimig sa mga kasalukuyang awitin. Ang jingle ay maaaring binubuo ng isa hanggang tatlong saknong lamang.

Kung tapos ka nang bumuo ng jingle, sikapin mo itong awitin nang malaman mo ang kawastuan ng iyong ginawa. Kung ito ay malapit sa susi sa pagwawasto na nasa iyong guro, ito ay katanggap-tanggap.

## VIII. Gaano ka na Kahusay?

Natapos mo rin ang napakaraming gawain, pero susubukin ko naman kung gaano ka kahusay. Sundin mo ang panuto. Handa ka na ba?

Panuto: Piliin ang titik ng wastong sagot.

1. "Maaaring mapanganyaya si Simoun sa natuklasan ni Basilio." Batay sa pahayag, si Simoun ay __________.
   a. natatakot  c. nagbabanta
   b. nababahala  d. nagbababala

2. "Napipi na! Napipi si Tandang Selo!" Ang mga tao ay __________.
   a. nagdiwang  c. nabigla
   b. nagkagulo  d. nagalak

3. Wala raw dapat sisihin sa nangyari. Ang lahat ay ________.
   a. nagsisinungaling  c. naghuhugas ng kamay
   b. nagmamalaki  d. nagwawalambahala

4. Ang bapor Tabo ay sumasagisag sa
   a. pamahalaan ng mga Pilipino.
   b. pamamahala ng mga Kastila.
   c. paraan ng pamumuhay.
   d. pakikitungo ng mga prayle sa Pilipino.

5. Naging masagana ang buhay ni Kabesang Tales dahil sa ______.
   a. pangangamkam ng lupa
   b. pagtitiis at pagtitiyaga
   c. tulong ni Simoun
   d. amang si Tandang Selo

6. Sa panunuluyan ni Simoun, _______.
   a. nakita ang agwat ng mayaman at mahirap.
   b. lalong nadama ni Kabesang Tales ang pagiging mahirap.
   c. nakapagbenta ito ng maraming alahas.
   d. nakita ni Kabesang Tales ang locket ni Maria Clara.

7. Ang pagkuha ni Kabesang Tales ng rebolber ni Simoun ay simula ng _____.
   a. kaguluhan  c. usapan
   b. patayan  d. paghihiganti

8. Ang kaisipang iniwan ni Basilio sa pakikipag-usap kay Simoun ay ________.
   a. ang mamuhay nang payapa sa piling ng pamilya ay lalong dakila.
   b. Ang paghihiganti ay hindi makapagpapabuhay sa kanyang ina at kapatid.
   c. walang ikakaya sa buhay ang taong tunay na naghihirap.
   d. walang halaga ang buhay kung hindi ginamit sa makabuluhang paraan.

9. } Ang isang mamamayang tunay na nagmamahal
10. } sa kanyang bansa ay dapat na __________ at __________.

a. maghiganti    c. mag-isip    e. manalangin.
b. kumilos    d. magplano.